

LESSON PLAN | Topic and Targeted Takeaways to Learn About and Retain
Banghay-aralin | Paksa at Inaasintang mga Matututunan at Maalala ng Mag-aaral

Week 5 Topic | Societal Setbacks under Human Rule
Paksa ng Linggo | Panlipunang Trahedya sa Dominyo ng Tao

Main Question | Explain the accelerated extinction of species.
Susi na Tanong | *Ipaliwanag ang pagbilis ng pagkalipol ng mga species.*

Key Learnings | 1. Human activities exacerbate ecological disasters.
Dapat Magagap | *Ang kalabisan ng tao ay nagpapalubha sa mga sakuna.*

2. Culpabilities and vulnerabilities over disasters are not evenly shared across nations and regions.
Ang pananagutan at dagok ng pinsala sa mga sakuna ay hindi pare-pareho sa mga bayan at rehiyon sa mundo.

3. Overexploitation is unjust to future generations.
Ang pagsimot ng likasyaman ay hindi makatarungan sa susunod na mga henerasyon.

NOTES REFERENCES SOURCES TASKS	
Mga Kagamitan:	Contextualized Activities Balete, Aklan 
a. Projector/TV	
b. Laptop/Computer	
c. Speaker	
d. Mga kagamitan sa pagguhit	
e. Societrix Tactile and Manipulative Tools	
Paunang mga Gawain:	
a. Panalangin	
b. Pag-tsek ng Attendance	
c. Thought of the Day	
d. Pampasigla	
Sources:	
https://www.youtube.com/watch?v=EGJhY8iDbJ8	
Societrix.com	

I. Animating the Affective Senses and Sustaining the Recollection of Learning
 Pagpupukaw ng Pakiramdam at Malaunang Pagpapatimo sa Alaala ng Napag-aralan

Kapaligiran

LOLITA CARBON | CHOIR NG BAYAN

*Wala ka bang napapansin
 Sa iyong mga kapaligiran
 Kaydumi na ng hangin
 Pati na ang mga ilog natin*

*Hindi nga masama ang pag-unlad
 At malayo-layo na rin
 ang ating narating
 Ngunit masdan mo
 ang tubig sa dagat
 Dati kulay asul, ngayo'y naging itim*

*Ang mga duming ating
 ikinalat sa hangin
 Sa langit huwag na nating paabutin
 Upang kung tayo ay pumanaw man
 Sariwang hangin sa langit
 natin matitikman*

*Mayron lang akong hinihiling
 Sa aking pagpanaw sana ay tag-ulan
 Gitara ko ay aking dadalhin
 Upang sa ulap na lang
 tayo magkantahan*

Awitalakayan
 DOWNLOAD
 TOPIC SONG



societrix.com/exemplars/05

*Ang mga batang
 ngayon lang isinilang
 May hangin pa kayang matitikman
 May mga puno pa kaya
 silang aakyatin
 May mga ilog pa kayang lalanguyan*

*Bakit di natin pag-isipan
 Ang nangyayari sa ating kapaligiran
 Hindi nga masama ang pag-unlad
 Kung hindi nakakasira ng kalikasan*

*Darating ang panahong
 mga ibong gala
 Ay wala nang madadapuan
 Masdan mo ang mga punong
 dati ay kaytatag
 Ngayo'y namamatay
 dahil sa ating kalokohan*

AFFECTIVE CLASS EXERCISES
Gawain 1. "Sa among Bintana" Sketch at Pagtuklas
Habang pinapakinggan ang kanta, gumuhit ng isang simpleng sketch ng "tanawin mula sa kanilang bintana" sa kanilang tahanan o sa paaralan, na nagpapakita ng kanilang nakikita (hal. mga puno, bahay, mga tao, kalsada). Matapos ang kanta, mag-hanap ng kapareha at ibahagi sa isa't isa ang kanilang ginuhit.

[illegible][illegible]

II. Engaging the Cognitive Faculties through Critical Freewheeling Exchange of Inquiries, Suppositions, Information, and Opinions

Pag-uudyok ng Kaisipan sa pamamagitan ng Mapanuri at Malayang Pagpapalitan ng mga Pagpapalagay, Katanungan, Kuro-kuro, at Kaalaman

Resiliency



societrix.com/eigen/disruption

Conservation



societrix.com/eigen/provision

THE EIGEN FIVE | DIVERSITY BETWEEN HUMANS AND NON-HUMANS

Limang Batayang Isaalang-alang sa Ugnayan ng mga Tao at mga Hindi Tao

Biodiversity	Life Itself
Climate Stability	Global Warming
Livability of Habitats	Environmental Quality
Resilience to Disruptions	Spatial Solidarity and Integrity
Sustainability and Conservation	Inter-generational Justice and Legacy



- 1 | Is life on our planet, in all its shapes and manifestations, truly invaluable?
Ang buhay ba sa ating planeta, sa lahat ng hugis at anyo nito, ay mahalaga?
- 2 | Is climatic instability driven mainly by natural causes or human excesses?
Ang mapanganib ba na klima ay sadyang likas, o dahil sa kalabisan ng tao?
- 3 | Should habitats be developed with human conveniences foremost in mind?
Dapat bang ang kapaligiran ay nililina para lang sa kaligayahan ng tao?
- 4 | Is disaster resiliency more a matter of preparedness or planetary justice?
Ang katatagan ba sa sakuna ay usaping kahandaan o sanlibutang hustiya?
- 5 | Is the wanton way we are exhausting resources fair to future generations?
Makatarungan ba sa susunod na henerasyon ang pagsimot ng likas-yaman?

COGNITIVE CLASS EXERCISES

Diskusyon para sa Guro:

Ang pag-unlad ng tao at epekto nito sa kalikasan ay isang napakahalagang usapin. Ang pagbabago sa ating kapaligiran ay dulot ng ating mga desisyon at gawain, na nagpapalala ng mga sakuna at naglalagay sa alanganin sa kalikasan.

III. Employing Physical Activities, Tactile Tools and Manipulatives to enhance Absorption and Internalization of the Subject and Key Learnings


Paggalaw ng Katawan at Paggamit ng mga Aparatong Nabubusisi't Nahahawakan upang mapaigi ang Pagnguya at Pagsaloob ng Paksa at Kaakibat na Aral

EIGEN | Elements of Ecology
Five Key Ecological Considerations

Virtual
Eigen



societrix.com/
virtualeigen



PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES

Gawain 3. Societrix Model: EIGEN | Elements of Ecology:

Gamitin ang "EIGEN" model para mas maipakita ang "Five Key Ecological Considerations" (tulad ng Disruption, Resiliency, Sufficiency, Conservation).

Pamprosesong mga Tanong:

1. **Disruption (Pagkagulo):** Ano ang mga aktibidad ng tao sa Balete na direktang sumisira sa ating kalikasan? Magbigay ng tatlong (3) halimbawa.
2. **Resiliency (Kakayahang Makabangon):** Sa kabila ng pagkasira, paano "bumabangon" o nagiging maayos ulit ang ating kalikasan sa Balete? Magbigay ng isang (1) halimbawa.
3. **Sufficiency (Kasapatan):** Sapat ba ang ating mga likas na yaman sa Balete para sa lahat ng tao? Bakit mo nasabi iyon?
4. **Conservation (Pangangalaga):** Ano ang mga simpleng hakbang na magagawa nating mga taga-Balete upang mapangalagaan ang ating kalikasan? Magbigay ng dalawang (2) ideya.

COGNITIVE CLASS EXERCISES
Ang Kalabisan ng Tao at ang Epekto sa Kalikasan Ang pagiging sagana ng tao ay nagdudulot ng mga gawaing nakakasira sa kalikasan, tulad ng sobrang paggamit ng mga likas na yaman tulad ng pagkuha ng buhangin at bato sa ilog at pagpuputol ng mga puno sa bundok. Sa Balete, ang mga gawaing ito, kabilang na ang pagbabawal sa kaingin o pagsusunog ng kagubatan, ay mahalaga upang maiwasan ang malawakang pagbaha at pagguho ng lupa. Ang mga puno ay nagsisilbing panangga sa matinding ulan, at kapag ito'y nawala, mas mabilis bababa ang tubig na magdudulot ng pagbaha sa kapatagan at mga bahay na malapit sa ilog. Hindi Pantay na Epekto ng mga Sakuna Hindi pare-pareho ang epekto ng mga sakuna sa lahat. Sa Balete, mas apektado ang mga pamilyang nakatira sa tabi ng ilog dahil sa malalaking baha. Ipinapakita nito na ang mga epekto ng sakuna ay mas nararanasan ng mga nasa mas mahirap na kalagayan, na nagiging dahilan ng pagkawala ng kanilang kabuhayan at paninirahan. Pananagutan sa Susunod na Henerasyon Bawat desisyon natin ngayon may malaking epekto sa kinabukasan. Ang pagsimot ng likas na yaman tulad ng sobrang pangingsda at pag-ubos sa mga yamang-gubat ay hindi makatarungan para sa ating mga anak at apo. Tungkulin nating alagaan ang ating kapaligiran upang masiguro na may matitira pa para sa kanila. Ang pagiging responsable ngayon ay para sa mas maunlad at masaganang Balete sa hinaharap. Gawain 2. "Sino ang Mas Apektado?" (Pangkatang Talakayan): Pangkatang Gawain: Hatiin ang klase sa tatlong grupo. Bawat grupo ay bibigyan ng "role" o tauhan na magbibigay ng kanilang pananaw: Unang Pangkat: Mangingisda sa Ilog: Ano ang nararanasan nila kapag marumi ang ilog at may baha? Sino sa tingin nila ang may pananagutan dito? Pangalawang Pangkat: Magsasaka: Ano ang epekto sa kanilang pananim ng matinding tag-init o baha? Paano sila apektado ng pagkawala ng mga insekto o hayop na tumutulong sa kanilang tanim? Pangatlong Pangkat: Mga Kabataan sa Balete: Ano ang magiging epekto sa kanilang kinabukasan kung masisira ang kalikasan? Anong mga halaman o hayop sa Balete ang baka mawala sa hinaharap? Pagtalakay: Pagkatapos mag-isip ng mga grupo, magkaroon ng "panel discussion" kung saan ibabahagi ng bawat grupo ang kanilang pananaw. Pag-usapan kung bakit hindi pare-pareho ang dagok ng pinsala sa mga sakuna at kung bakit mahalaga ang "generational justice" o hustisya sa susunod na henerasyon.

PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES
Gawain 4. "Ulihiing Tubas" Laro Magsilbing "puno" ang ilang mag-aaral at maglagay ng "bunga" sa kanilang mga kamay (hal. mga papel na may nakasulat na "likas na yaman"). Ang mga "bunga" ay may iba't ibang kulay (hal. berde, dilaw, pula) na kumakatawan sa iba't ibang likas na yaman (hal. berde = kahoy, dilaw = ani, pula = hayop). Gampanin ng Mag-aaral: Mga Tao: Karamihan sa mga mag-aaral ay magiging "mga tao" na kukuha ng mga "bunga" sa "puno." "Future Generations": Ilang mag-aaral ang ilalagay sa gilid ng laro na kumakatawan sa susunod na henerasyon. Laro: Unang Round (Overexploitation): Sabihin sa mga "tao" na kunin ang lahat ng "bunga" na makukuha nila sa loob ng 10 segundo. Pagkatapos, pag-usapan kung ano ang nangyari sa "puno" at kung ano ang magiging reaksiyon ng "future generations." Ikalawang Round (Sustainability): Ipaliwanag ang konsepto ng sustainability. Sabihin sa mga "tao" na kumuha lamang ng sapat na "bunga" upang hindi maubos ang mga ito at may matira pa para sa "future generations." Pag-usapan ang pagkakaiba sa reaksiyon ng "puno" at "future generations" sa round na ito. Pagtalakay: Pagkatapos ng laro, tanungin ang mga mag-aaral: Ano ang naramdama ninyo bilang "tao" sa bawat round? Ano ang naramdaman ninyo kung kayo ang "future generations"? Paano natin masisigurado na may matitira pa para sa mga susunod na henerasyon sa Balete?

IV. Active Integration <i>Aktibong Paghahabi</i>	Content Creation for popularizing Citizens' Concerns <i>Paglikha ng Mensaheng may Pakialam sa mga Mamamayan</i>
--	--

Ang kalagayan natin dito
May kinalaman sa doon
Kinabukasan ng mundo
May kinalaman sa ngayon

*What goes on here
Goes far away
What happens tomorrow
Is happening today*

INTEGRATIVE CREATIVE CONTENT ADVOCACY CLASS EXERCISES	
Gawain 5. "Balete: Susi sa Pagbabago"	Pahisayod sa dagaya
Pangkatin ang mga mag-aaral. Bawat grupo ay lilikha ng isang maikling PSA (Public Service Announcement) na magpapahayag ng kanilang mga natutunan. Ang PSA ay maaaring maikling video, isang radio play, o isang spoken word poetry na may kasamang sound effects.	
Unang Pangkat:	Gumawa ng PSA na nagpapakita ng epekto ng basura sa mga ilog at dagat ng Balete.
Ikalawang Pangkat:	Gumawa ng PSA tungkol sa "generational injustice" (pagiging hindi makatarungan sa mga susunod na henerasyon) na dulot ng sobrang paggamit ng likas na yaman.
Ikatlong Pangkat:	Gumawa ng PSA na nagpapakita ng mga simpleng paraan na magagawa ng mga kabataan sa Balete para makatulong sa kalikasan.
Ibahagi ang mga nalikhang PSA sa klase. Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng constructive feedback at bumoto kung aling PSA ang pinaka-epektibo sa pagpapahayag ng mensahe.	

V. Process and Impact Assessments from the views of Teachers and Students
Pagtatasa ng Proseso at Epekto batay sa tingin at danas ng mga Guro at Mag-aaral

KEY ASSESSMENT INDICATORS					
AFFECTIVE : Feelings over the Subject <i>Pagdama sa Paksang Pinag-aaralan</i>	Numb <i>Namanhid</i> 1	Disdainful <i>Nangutya</i> 2	Affected <i>Nabagbag</i> 3	Hopeful <i>Nag-alab</i> 4	Shaken <i>Nayanig</i> 5
COGNITIVE : Thoughtful Consideration <i>Pagasa-isip ng Usaping Tinatalakay</i>	Falsehood <i>Bukaan</i> 1	Irrational <i>Baligho</i> 2	Mindful <i>Mapagtanto</i> 3	Thorough <i>Mabusisi</i> 4	Analytic <i>Mapanuri</i> 5
PHYSICAL : Participation in Activities <i>Paglahok sa mga Pisikal na Aktibidad</i>	Unwilling <i>Umiiwas</i> 1	Hesitant <i>Atubili</i> 2	Cooperative <i>Sumasali</i> 3	Involved <i>Ganado</i> 4	Animated <i>Bibo</i> 5
APPLIED : Creative Content Advocacy <i>Pagbabahagi ng Natutunan sa Klase</i>	Negligent <i>Pabaya</i> 1	Wanting <i>Kulang</i> 2	Compliant <i>Bastante</i> 3	Consistent <i>Palagi</i> 4	Persistent <i>Pursigido</i> 5
PROCESS : Generating Joy in Learning <i>Paglinang ng Kasiyahan sa Pagkatuto</i>	Annoyed <i>Nayayamot</i> 1	Bored <i>Nabagot</i> 2	Content <i>Kampante</i> 3	Eager <i>Natutuwa</i> 4	Excited <i>Nagagalak</i> 5

Ang isa pang mahalagang hamon at sukatan ng silbi at pagkakatuto sa mga pinag-aaralan ay kung ito nga ba ay naisasapraktika sa aktwal nila na buhay. Kung ang pagkakaiba-iba (diversity) ay mga buto at bunga ng impormasyon (information), mayrong kongkretrong katuturan ang mga lumilikha ng mensahe (content creators) sa pag-unlad at paglawak ng karunungan-bayan (pedagogies) at pagpapalaganap ng kamulatan ng mga Mamamayan.

The goal of Education is not to breed more passive absorbers of prescription knowledge, but raise active organic creators and propagators of alternative public social awareness.

[illegible]